



JAN 15 2010

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN

Blg. 20 s. 2010

PAMBANSANG LEKTYUR-WORKSYAP SA REPORMANG
INSTRUKSYONAL SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno/Pinuno ng mga Publiko at Pribadong Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan ng mga Dalubguro sa Wika (PSDW) sa pakikipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at Publikasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magtataguyod ng Pambansang Lektyur-Worksyap sa Repormang Instruksiyonal sa Filipino sa mga sumusunod na petsa at lugar:

Lugar	Petsa
DepEd RELC-Rehiyon X Lapasan, Cagayan de Oro City	Abril 12-14, 2010
DepEd Training Center Division of Agusan del Norte Butuan City	Abril 15-16, 2010
PPSTA Cooperative Building Tamblot Street Tagbilaran City	Hunyo 16-18, 2010
Tabaco National High School Tabaco City	July 1-3, 2010
University of Eastern Philippines University Town, Catarman, N. Samar	August 11-13, 2010

2. Ang tema ng lektyur-worksyap na ito ay "Pagpapahusay sa Kalidad ng Pagtuturo: Tunguhin ng Repormang Instruksiyonal".

3. Layunin ng gawaing ito na:

- mailapat ang limang (5) makrong kasanayan sa pagtuturo ng wika at panitikan;
- maitaas ang kalidad ng pampaaralang pamamahayag;
- magkaroon ng kasanayan sa paglutas ng suliraning pangklase sa pamamagitan ng pananaliksik; at
- matugunan ang pagpapahusay ng kalidad sa pagtuturo bilang tunguhin ng repormang instruksiyonal.

4. Inaasahang dadalo sa lektyur-worksyop na ito ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay sa asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralang elementarya at sekondarya.



5. Ang bayad sa rehistrasyon ay Isang Libo at Tatlong Daan at Limampung Piso (PhP1,350.00) para sa seminar kit, handouts, aklat sa Teorya at Praktika sa pagtuturo, honorarium ng mga tagapanayam at iba pang kaugnay na gastusin. Libre ang taunang kasapian sa lahat ng dadalo sa gawaing ito. May sampung porsiyento (10%) diskuwento ang mga miyembro ng PSDW (2009-2010) sa pasubaling maipakikita ang katunayan ng kasapian gaya ng ID o resibo. Hindi kasama ang akomodasyon, pagkain at tirahan sa bayad sa rehistrasyon.

6. Para sa pagkain at tirahan, mangyaring tumawag sa mga lugar na pagdarausan ng nasabing gawain o sa mga sumusunod na mga panrehiyon at pansangay na supervisor at para mabilang ang seminar kit, handouts at aklat na ihahanda, mangyaring magpadala ng reserbasyon o tumawag din kina:

Dr. Regina Clariza

Panrehiyong Superbisor sa Filipino
DepEd Regional Office
Rawis, Legaspi City
Mobile Phone No.: 0919-3968655

Dr. Luz Allac

Panrehiyong Superbisor sa Filipino
DepEd Regional Office
Sudlon, Lahug, Cebu City
Mobile Phone No.: 0918-3489701

Dr. Lucille Tesoro

Panrehiyong Superbisor sa Filipino
DepEd Regional Office
Lapasan, Cagayan de Oro
Mobile Phone No.: 0908-9294018

Dr. Victoria Chagas

Panrehiyong Superbisor sa Filipino
DepEd Regional Office
Butuan City
Mobile Phone No.: 0917-7238250

Dr. Fe Tep. Ty

Division Filipino Supervisor
DepEd Division of Northern Samar
Catarman, Northern Samar
Mobile Phone No.: 0921-3506869

Dr. Elena Acasio

ASDS
Mobile Phone No.: 0908-4952795

Gng. Elenita Visarra

Mobile Phone No.: 0918-3594489

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Ramon C. Bacani
RAMON C. BACANI

Pangalawang Kalihim
Pansamantalang Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:

W a l a

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan

sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
WORKSHOPS